

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka $\frac{\quad}{20}$

Pagsulat ng pandiwa

Panuto: Isulat sa patlang ang pandiwa (na nasa tamang aspekto) na bubuo sa pangungusap. Gamitin ang binigay na salitang-ugat sa loob ng panaklong.

1. Si Nanay ay (*bili*) _____ ng dalawang kilong manok sa palengke kani-nang umaga.
2. Huwag mo gamitin ang laruan ni Jess na hindi nagpapaalam. (*Galit*) _____ sa iyo si Jess.
3. Nasa hardin ngayon si Lolo Pepe. (*Dilig*) _____ niya ang damo at mga halaman.
4. Dahil anibersaryo nina Lolo at Lola sa darating na Linggo, (*dalaw*) _____ natin sila sa Antipolo.
5. Hintayin muna ninyo si Luis sa sala kasi (*kain*) _____ pa siya ng almusal.
6. Ako ang (*hugas*) _____ ng mga pinggan kagabi kaya ikaw naman ang maghuhugas mamaya.
7. (*Kinig*) _____ ka ba nang mabuti sa mga sinabi ng guro mo kanina?
8. Gusto ka raw makilala ni Jasmin pero nahihiya siyang lumapit sa iyo. Mas mabuti kung ikaw na ang (*kilala*) _____ sa kanya.
9. Nakikita mo ba ang mga bata sa kalsada? (*Hingi*) _____ sila ng limos sa mga pasahero ng dyip kapag humihinto ito.
10. Ito ang dyip na (*maneho*) _____ ni Mang Tony araw-araw.
11. (*Tapon*) _____ ko po ang basura sa tamang lalagyan sa labas ng subdibisyon.
12. Ano ba ang (*tingin*) _____ mo sa labas ng bintana at kanina ka pa diyan nakatitig?
13. Pinapangako ko sa iyo na pagdating ko sa bahay, (*tulong*) _____ kita sa paggawa ng takdang-aralin mo.

14. Naaalala mo pa ba si Tita Sally? Siya ang (*alaga*) _____ sa iyo noong maliit ka pa.
15. Mauna ka nang kumain. (*Ayos*) _____ ko pa ang mga damit ko sa kuwarto.
16. (*Nood*) _____ ka ba ng balita sa telebisyon kagabi? May napakalakas na bagyong tumama sa New York.
17. Hindi (*daan*) _____ dito ang mga pasaherong dyip. Doon ka sa kabilang kalye maghintay ng dyip.
18. (*Bayad*) _____ mo na ba ang bayarin sa kuryente? Baka kasi maputulan tayo ng linya ng kuryente.
19. Sandali lang ako. (*Hatid*) _____ ko lang si Nikki sa labas ng *gate*.
20. (*Hintay*) _____ ko ang tawag mo bukas nang tanghali.